

Gabay na impormasyon para sa nais magpunta sa Toyohashi Municipal Hospital

1. Oras ng pagtanggap

Unang pagbisita	8:30~11:00 (Lunes~Biyernes lamang)
Muling pagbisita	Para sa mga may reserbasyon, 8:00 ng umaga hanggang sa nakatakdang oras para sa konsultasyon (Lunes~Biyernes lamang)
	Para sa mga walang reserbasyon, 8:00~11:30 (Lunes~Biyernes lamang)
Pagpapalit ng reserbasyon	Kung hindi makakapunta sa ipinaresebang araw, mangyaring tumawag isang araw bago ang konsultasyon (Lunes~Biyernes lamang) 3:00~4:30 ng hapon TEL : 0 5 3 2 - 3 3 - 6 1 1 1

2. Daloy ng konsultasyon

Daloy ng konsultasyon	Ang unang tanggapan para sa konsultasyon ay naiiba depende kung ikaw ay bumisita sa unang pagkakataon, ilang ulit ng nagpakonsulta, o may Shokaijo/Referral Letter.
-----------------------	---

Pagtanggap sa mga 「Unang bibisita sa tanggapan nang walang Referral Letter」	<input type="radio"/> Mga taong bibisita sa Toyohashi Municipal Hospital sa unang pagkakataon. <input type="radio"/> Mga taong bibisita sa departamento ng ospital kung saan nila nais makatanggap ng medikal na pagsusuri sa unang pagkakataon. <input type="radio"/> Mga taong hindi bibisita sa unang pagkakataon sa departamento na nais bisitahin ngunit lumipas na ng 6 na buwan o higit pa mula noong huling pagbisita.
Pagtanggap sa pamamagitan ng 「Return visit reception machine」	<input type="radio"/> Mga taong may reserbasyon (hindi kasama ang mga may referral sa ibang mga ospital) <input type="radio"/> Mga taong bibisita sa departamento na nais magpakonsulta ngunit lumipas na ng 6 na buwan o mas mababa mula noong huling pagbisita.
Pagtanggap sa mga 「may dala ng Referral Letter」	<input type="radio"/> Mga taong may dalang Referral Letter mula sa family doctor. (Tatanggapin din dito ang mga taong nakakuha ng numero mula sa Repeat Consultation Reception Machine)

3 Emergency outpatient

Para sa mga taong nais magpatingin ng agarang medikal na pagsusuri	Kung ito ay emergency at kailangan mong magpatingin sa doktor na labas sa oras ng konsultasyon, mangyaring tumawag sa telepono at dalhin ang inyong helath insurance card, atbp. sa [Window 8 Emergency Outpatient/Hospitalization Reception]
	Ang Emergency Outpatient Center ay isang pasilidad na tumatanggap ng mga pasyente na nasa kalagayan tulad ng myocardial infarction/heart attack, stroke/cerebral hemorrhage, head injury atbp. Samakatuwid, ang prayoridad ay ibibigay sa mga pasyenteng may kritikal na karamdaman na nangangailangan ng agarang paggagamot. Dahil dito, ang mga pasyenteng hindi malala ang kalagayan ay kailangang maghintay. Kung ito ay emergency at kailangan mong magpatingin sa doktor na labas sa oras ng konsultasyon, mangyaring tumawag sa telepono at dalhin ang inyong helath insurance card, atbp. sa Emergency Outpatient Department.

①Emergency Outpatient Center
②Emergency Outpatient/ Hospitalization • Discharge Reception
③Outpatient Treatment Center
④Disaster Control Center
⑤Emergency Outpatient Hospitalization Entrance
⑥Main Entrance



4 Mga Selected Medical Care Expenses

<p>Tungkol sa “Selected Medical Care Expenses” sa oras ng unang pagbisita</p>	<p>Ang “Selected Medical Care Expenses” sa oras ng unang pagbisita ay isang pambansang sistema na itinatag para sa layunin ng pagtataguyod ng paghahati ng mga tungkulin ng mga institusyong medikal, tulad ng “Ang paunang paggamot ay gagawin sa lokal na klinika, at ang advance/specialize na pangangalagang medikal ay sa mga ospital (na may 200 na kama o higit pa). Samakatuwid, ang mga pasyente na bumisita sa aming ospital na walang referral letter mula sa “family doctor” ay sisingilin. Upang makapagtatag ng isang mahusay na sistema sa pagbibigay ng medikal na pangangalaga bilang ospital na nangangalaga sa mga may malubhang karamdaman at maisulong sa bawat pasyente na magkaroon ng “family doctor”, nagtakda kami ng “Selected Medical Care Expenses” batay sa sistemang ito.</p>
---	--

<p>“Selected Medical Care Expenses” sa oras ng unang pagbisita (Medical • Dental)</p>	<p>5500 yen</p>
<p>“Selected Medical Care Expenses” sa oras ng muling pagbisita (Medical • Dental)</p>	<p>2750 yen</p>